# Mga Paggagamot sa Kanser sa Balat

Ang paggagamot para sa kanser sa balat ay naiiba para sa bawat tao. Kung nasurian kayong may kanser sa balat, ang paggagamot sa inyo ay nakadepende sa uri ng kanser sa balat na mayroon kayo, gaano kalaki at kalalim ito, at kung kumalat na ito sa ibang mga bahagi ng inyong katawan. Ang ilan ay nakakakuha ng isang uri ng paggagamot. Ang iba naman ay maaaring mangailangan ng mahigit sa isang uri ng paggagamot. Kausapin ang inyong health care team tungkol sa kung ano ang pinakamakabubuti para sa inyo.

## Operasyon

Kadalasang isinasagawa ang operasyon para gamutin ang kanser sa balat. Makakatulong itong malaman kung kayo ay mayroong kanser, kung anong uri ito, at kung ito ay kumalat. Maaaring isagawa ang operasyon para tanggalin ang kanser at para pagandahin ang hitsura ng bahaging pinagtanggalan nito. Ang uri ng operasyong maaari ninyong kailanganin ay nakadepende sa uri ng kanser sa balat, kung gaano ito kalaki, at kung nasaan ito.

Ang mga pinakakaraniwang side effect ay pananakit, impeksyon, at pagkakaroon ng pilat sa bahaging inoperahan.

## Radiation Therapy

Ang radiation ay gumagamit ng ligos na may mataas na enerhiya (gaya ng mga x-ray) para patayin ang mga selula ng kanser sa bahagi ng katawan. Maaaring gamitin ang radiation para gamutin ang kanser na nasa balat lamang o kumalat na sa ibang bahagi ng katawan.

Ang mga pinakakaraniwang side effect ay mga pagbabago sa balat at pagkawala ng buhok kung saan ibinibigay ang radiation. Ang inyong balat ay maaaring mamula, mamaga, magtuklap-tuklap, o mangitim. Maaari rin kayong mapagod nang husto.

## Immunotherapy

Ang immunotherapy ay nakakatulong sa inyong immune system at labanan ang kanser. Ito ay maaaring ibigay bilang isang iniksyon sa ugat sa inyong braso, o bilang mga tabletas o kapsulang iinumin ninyo.

Ang mga side effect ng immunotherapy ay depende sa uri ng gamot na gagamitin para gamutin ang kanser sa balat. Maaari kayong mapagod, maalibadbad, o lagnatin, manginig, o magkaroon ng mga pantal. Ang mga side effect ay kadalasang banayad ngunit maaaring maging malubha.

## Targeted Therapy

Hinahanap ng targeted therapy at inaatake ang mga selula ng kanser habang nagdudulot ng mas kaunting pinsala sa mga normal na selula. Binabago ng mga gamot na ito ang paraan ng paglaki ng mga selula, paghahati, o pag-aayos ng mga ito. Iniinom ang mga ito bilang mga tabletas o kapsula o maaaring ibigay bilang isang iniksyon sa ugat sa inyong braso.

Ang mga targeted therapy ay nagdudulot ng mga side effect depende sa gamot na ginagamit. Ang ilan ay maaaring makaapekto sa balat at magdulot ng mga pantal-pantal, panunuyo, at pangangati. Maaari ring masunog ang inyong balat.

## Mga Lokal o Topical na Paggagamot

Ang freezing, light therapy, o mga laser ay maaaring gamitin para gamutin ang ilang kanser. Sa iba pang mga pagkakataon, ang topical chemo o iba pang mga gamot ay ginagamit sa pamamagitan ng pagpahid ng mga ito mismo sa balat. Ang mga lokal na paggagamot ay madalas na ginagamit para gamutin ang mga basal at squamous cell na kanser sa balat.

Ang bawat paggagamot ay may iba't ibang side effect. Itanong sa inyong doktor ang kung ano ang aasahan.

## Chemotherapy (chemo)

Ang chemo ay gumagamit ng mga gamot para labanan ang kanser. Kadalasan, ibinibigay ang chemo bilang isang iniksyon sa ugat sa inyong braso O kaya, ang chemo ay maaaring sa pamamagitan ng pag-inom ng tabletas o kapsula. Sa ibang mga pagkakataon, maaari itong ipahid sa balat. Kapag ito ay ibinibigay bilang tabletas o sa ugat, dumadaan ang chemo sa karamihan sa mga bahagi ng katawan para gamutin ang kanser na kumalat. Kapag ipinapahid sa balat, nananatili ito sa lugar kung saan ito ay ipinapahid para gamutin ang kanser sa bahaging iyon.

Ang mga pinakakaraniwang side effect ng chemo ay labis na pagkapagod o pagkaalibadbad. Sa chemo, maaari ring maging mas madali para sa inyo ang magkaroon ng impeksyon.

## Mga Klinikal na Pagsubok

Sinusubukan ng mga klinikal na pagsubok ang mga bagong gamot o paggagamot sa mga tao. Tinutulungan ng mga ito ang mga doktor na makahanap ng mas mabubuting paraan para gamutin ang kanser. Kung kinausap kayo ng inyong doktor tungkol sa klinikal na pagsubok, nasa sa inyo kung nais ninyong makibahagi. At kung magpapatala kayo para sa isang klinikal na pagsubok, maaari kayong tumigil sa anumang oras.

Ang paggagamot ay maaaring naiiba para sa bawat taong may kanser sa balat. Bago simulan ang anumang paggagamot, itanong sa inyong health care team kung ano ang aasahan. Mahalagang malaman kung ano ang mararamdaman ninyo sa panahon ng at pagkatapos ng paggagamot. Sa ganoong paraan, maaari kayong gumawa ng pinakamabuting desisyon para sa inyong sarili.

Para sa impormasyon tungkol sa kanser, tulong sa pang-araw-araw, at suporta, tumawag sa American Cancer Society sa **1-800-227-2345** o bumisita sa amin online sa **cancer.org/skincancer.**
Narito kami sa tuwing kailangan ninyo kami.

American Cancer Society®



©2021, American Cancer Society, Inc.
Blg. 080798
Ginagamit ang mga modelo para sa layunin ng paglalarawan lamang.

BBB. ACCREDITED CHARITY
bbb.org/charity